

LEVEL 3

# Leveled Reader
in Filipino

## Ang Pagkikita nina Mere at Sashang Sirena




Isinulat ni Lorraine Foster
Iginuhit ni Honson Chan
Sinuri ni Lilibeth O. Quiore



Maaliwalas ang araw at mababaw ang tubig sa dagat. Kumikinang ang mga bato. Pumunta sa dagat si Mere upang bisitahin ang kaniyang mga kaibigan.

"Kumusta kayo?" bati ni Mere habang nakatuntong sa mga bato at nakalublob ang mga paa sa tubig.



Si Bluey, ang isda, ay lumalangoy sa tubig. Nagpapainit naman sa ibabaw ng mga bato ang alimangong si Crawly. “Ipinakikilala ko ang bago nating kaibigan, si Sasha,” ani ng hipong si Jumpy.



Nahihiyang lumabas ang sirenang si Sasha mula sa damong-dagat.
“Kamusta Sasha?” bati ni Mere.
“Paano ka nakarating dito?”



Nahihiyang lumabas ang sirenang si Sasha mula sa damong-dagat.

“Kamusta Sasha?” bati ni Mere. “Paano ka nakarating dito?”




“Kagabi ay inanod ako ng malaking alon dito,” kuwento ni Sasha.

“Ngunit napakahina ko para labanan ang malakas na alon. Tingnan mo, kalahati lamang ang aking buntot,” buntong-hininga niya.

Iwinasiwas niya sa ibabaw ng tubig ang kaniyang buntot.



“Hindi ka mahina,” sabi ni Crawly. “Wala kahit isa sa atin ang maaaring lumangoy laban sa malaking alon,” paalala ni Crawly. “Pero ano ang nangyari sa iyong buntot, Sasha?” usisa nito. “Noong maliit pa ako ay nahuli ako ng lambat ng mga mangingisda. Naipit ang aking buntot nang ako ay tumakas. Kaya ngayon, pinagtatawanan ako ng ilang mga sirena,” salaysay ni Sasha.



“Naiintindihan kita,” ani ni Mere. “Ang kanang kamay ko rin ay mahina, at pinagtatawanan din ako ng ibang mga bata.”


Tinapik niya ang braso ni Sasha. “Tayo’y magpakatatag at huwag pansinin ang sinasabi ng iba,” dagdag pa niya.




“Kailangan ko nang umuwi, Jumpy,” sabi ni Sasha.
“Paano ka namin matutulungan, Sasha?” tanong ni Jumpy.
“Ialis natin siya sa tubig,” mungkahi ni Bluey.



“Mahirap iyan,” sagot ni Mere. “Mayroon lamang akong isang braso na magagamit.”



"Alisin natin ang mga bato," mungkahi ni Crawly. Itinulak nila ito nang itinulak, ngunit sadyang napakabigat ng bato para ito ay maitulak.



Dagling may naisip si Mere, at agad itong umuwi.
Pagbalik niya ay may bitbit siyang dalawang salbabida.




Iniabot ni Mere ang asul na salbabida kay Sasha.

“Ito namang pula ang gagamitin ko,” saad niya.

Tinulungan niya si Sasha na ipalibot ang salbabida sa katawan nito.



Nang tumaas na ang tubig, napuno na rin ang kanilang pinaglalanguyan. Lumutang sina Sasha at Mere sa ibabaw nito. Lumangoy sila sa gilid habang isinisigaw ni Bluey ang dapat nilang gawin. Hinawakang mabuti nina Jumpy, Crawly, at Mere ang salbabida ni Sasha. Sa tulong nila, naabot ni Sasha ang ibabaw ng mga bato.



Tuwang-tuwa si Sasha. Ngayon ay makakababalik na siya sa kanilang tahanan. Huminga siya nang malalim at sumisid sa dagat. Lumingon siya sa kaniyang mga kaibigan at nagpaalam.
“Maraming salamat sa tulong ninyo!” pasasalamat ni Sasha.
“Paalam sa inyong lahat.”



“Bumalik ka at dalawin mo kami agad, Sasha,” sigaw ni Bluey. Kumaway rin si Mere at kaniyang mga kaibigan kay Sasha. Tinanaw nila ito hanggang sa mawala na sa kanilang paningin sa dagat.

“Masaya akong nakatulong tayo,” natutuwang sabi ni Mere.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation